# Papel - Interlude

**Gloc-9**

Hndi ko alam ang gagawinï»¿ sa susunod na kanta ko
Parang wala akong maisip sa pang apat na CD ko
Kahit medyo nalilito, sige susubukan ko
Uy, salamat nga pala sana hindi pirata 'to
Alas dos ng umaga ngayon ako'y nag iisa
Pang anim, pito, o walo nang natapos na kanta
Dito sa album na tatawagin kong matrikula
Alam kong magtatanong ka kaya sasabihin ko na

Hindi ito pamabayad sa eskwela upang makapag aral

Ito'y pambayad sa buhay parang mabigat na bakal,
Na pasan pasan kung tawagin natinï»¿ ay pagsubok
Para bang naka akda hanggang sa huling tuldok
Mga tula na ang tawag ko ay sagot sa panalangin
Ang salita'y alam ko na kahit na hindi ko isipin
Parang may nagbubulong na isang makatang anghel
Yun nga lang, teka naubusan na po ako ng papel

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!